

Ika-11 Aralin

“ANG KAUTUSAN NG DIYOS”



Pag-aralan ayon sa mga tuntunin na nasa pasimula ng unang aralin.

1. Ano ang Sampung Utos?

- ▶ Ang Sampung Utos ay mga kautusan ng Diyos na Kanyang isinulat sa dalawang tapyas na bato, at ibinigay kay Moises para sa Kanyang bayan.

Exodo 34:1. At sinabi ng Panginoon kay Moises, Humugis ka ng dalawang tapyas na bato na gaya ng una; at aking isusulat sa mga tapyas na bato ang mga Salita na nasa unang tapyas, na iyong sinira.

2. Saan sa Biblia masusumpungan ang Sampung Utos?

- ▶ Ang Sampung Utos ay masusumpungan sa Exodo 20.

3. Tukuyin ang Sampung utos.

- ▶ Ang Sampung Utos ay ang mga sumusunod:
 - 1) Huwag kang magkakaroon ng ibang mga Diyos sa harap ko.
 - 2) Huwag kang gagawa para sa iyong larawan o ng hinugis man o anumang anyong nasa itaas sa langit; o nasa ibabaw ng lupa, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa.
 - 3) Huwag mong babanggitin ang Pangalan ng Panginoong Diyos sa walang kabuluhan.
 - 4) Alalahanin mo ang araw ng Sabat upang iyong ipangilin.
 - 5) Igalang mo ang iyong ama, at ang iyong ina, upang humaba pa ang iyong araw sa lupa.
 - 6) Huwag kang papatay.
 - 7) Huwag kang mangalangunya.
 - 8) Huwag kang magnanakaw.
 - 9) Huwag kang sasaksi sa di katotohanan.
 - 10) Huwag kang mag-imbong ng hindi iyo.

4. Ano ang ibig sabihin ng Unang Utos?

- ▶ Ang ibig sabihin, ng Unang Utos ay dapat nating sambahin at ibigin ang Diyos ng hi-

git sa lahat ng mga tao at mga bagay.

Mateo 4:10. Ang iyong Diyos at Panginoon ang sasambahin mo; Siya lamang ang iyong paglilingkuran?

5. Ano ang ipinagbabawal sa ikalawang utos?

- ▶ Ipinagbabawal na tayo ay gumawa ng anomang larawan upang sambahin.

Exodo 20:4. Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan o ng kawangis man ng anomang anyong nasa itaas sa langit o ng nasa ibaba sa lupa, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa.

6. Paano nilalabag ng tao ang ikatlong utos?

- ▶ Nilalabag ng tao ang ikatlong utos kung sila ay nagmumura o sumusumpa na sinasambit ang Pangalan ng Diyos o ni Cristo Jesus.

Efeso 4:29. Huwag kayong gumamit ng masamang pananalita; sikaping lagi na ang pangungusap ninyo'y yaong makabubuti at angkop sa pagkakataon upang pakinabangan ng makakarinig.

Mateo 5:34-37. "Nguni't ngayo'y sinasabi ko sa inyo: huwag na kayong sumumpa kung nangangako kayo. Huwag ninyong sabihing, Saksi ko ang langit, sapagka't ito'y trono ng Diyos; o kaya'y Saksi ko

ang lupa, sapagka't ito'y tuntungan ng kanyang mga paa. Huwag din ninyong sabihin, Saksi ko ang Jerusalem, sapagka't ito'y lunsod ng dakilang Hari. Ni huwag mong sabihing, Mamatay man ako, sapagka't ni isa mang buhok sa iyong ulo'y hindi mo mapapaputi o mapapaitim. Sapat nang sabihin mong, Oo kung oo at hindi kung hindi; sapagka't buhat na sa Masama ang anumang sumpa na idaragdag dito."

7. Ano ang kahulugan ng utos na ipangilin ang araw ng Sabat?

- Ang Sampung Utos ay unang ibinigay sa mga Hebreo na ginagawa ang ika-pitong araw na Sabat ng kapahingahan. Tayong mga Cristiano ay hindi dapat sumunod sa Sabat ng mga Hebreo. Ang ating sinusunod ay ang araw ng linggo — ang unang araw ng isang lingo bilang araw ng pagsamba, sapagka't ito ang araw nang si Jesus ay nagbangon sa gitna ng mga patay.

Mga Taga Roma 14:5. May nagpapalagay na ang isang araw ay higit kaysa iba; may nagpapalagay namang pare-pareho ang lahat ng araw. Magpakatatag ang bawa't isa sa kanyang sariling pasiya tungkol sa bagay na iyan.

Colosas 2:16. Kaya't huwag na kayong pasasakop sa anumang tuntunin tungkol sa

pagkain o inumin, tungkol sa kapistahan, sa bagong buwan o sa Araw ng Pamamahingna.

I Corinto 16:2. Tuwing unang araw ng sanlinggo, magbukod na ang bawa't isa ng halagang makakaya, at ipunin iyon upang hindi na kailanganin pang manghingi ng abuloy pagpariyan ko.

8. Itinuturo ba ng Bagong Tipan na tayo ay sumunod sa ating mga magulang?

- ▶ Oo, ang mga anak ay kinakailangang sumunod sa kanilang mga magulang.

Efeso 6:1. Mga anak, sundin ninyo ang inyong magulang alang-alang sa Panginoon, sapagka't ito ang nararapat.

9. Bakit masama ang pumatay?

- ▶ Talagang masama ang pumatay sapagka't ang tao ay nilalang ayon sa larawan ng Diyos.

Genesis 9:6. Ang magbubo ng dugo ng tao sa pamamagitan ng tao ay mabububo ang kanyang dugo; sapagka't sa larawan ng Diyos nilalang ang tao.

10. Ang mga pinuno o mga sundalo ba ay nagkakasala ng paglabag sa kautusan ng huwag pumatay, kung sila'y nakapatay habang sila'y gumaganap ng kanilang tungkulin?

- ▶ Hindi, sapagka't inaatasan tayo ng Diyos na maging masunurin sa ating pamahalaan, kaya nga ang mga pinunong tagapagpatupad ng batas ay binigyan ng kapangyarihang upang mapangalagaan ang batas at kaayusan.

Mga Taga Roma 13:4. Sila'y mga lingkod ng Diyos sa ikabubuti mo. Nguni't matakot ka kung gumagawa ka ng masama, sapagka't sila'y talagang may kapangyarihang magparusa. Sila'y mga lingkod ng Diyos at magpaparusa sa mga gumagawa ng masama.

11. Ano ang pangangalunya?

- ▶ Ang pangangalunya ay ang kasalanan ng pagsira sa sumpaang kasal sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kaugnayan sa isang tao bukod pa sa tunay na asawa.

Mga Hebreo 13:4. Dapat igalang ng lahat ang pag-aasawa, at maging tapat sa isa't isa ang mag-asawa. Sapagka't hahatulan ng Diyos ang mga nakikiapid at mga nanganalunya.

12. Ipinagbabawal din ba ng Bagong Tipan ang Pagnanakaw?

- ▶ Oo, ipinagbabawal ng Bagong Tipan ang pagnanakaw.

Efeso 4:28. Ang magnanakaw ay huwag nang magnakaw; sa halip, magtrabaho siya

at gamitin ang kanyang kamay sa anumang gawaing marangal upang may maitulong sa mga nangangailangan.

13. Ano ang sinasaklaw ng ika-siyam na Kautusan?

- ▶ Ang lahat ng pagsisinungating sa salita o sa gawa ay sinasaklaw ng ika-siyam na utos.

Mga Awit 101:7. Siyang gumagawa ng karayaan ay hindi tatahan sa loob ng aking bahay: siyang nagsasalita ng kabulaanan ay hindi matatatag sa harap ng aking mga mata.

Pahayag 21:8. At lahat ng sinungating — sila'y ibubulid sa lawa ng naglalagablab na asupre.

14. Ano ang kahulugan ng pag-iimbot?

- ▶ Ang pag-iimbot ay ang maling pagnanasa ng mga bagay na nauukol sa iba.

Lucas 12:15. At sinabi niya sa kanilang lahat: “Mag-ingat kayo sa lahat ng uri ng kasakiman; sapagka’t ang buhay ng tao ay wala sa laki ng kayamanan niya.”

15. Ano ang tawag sa Sampung Utos na ito?

- ▶ Ang Sampung Utos ay tinatawag na Kautusan ng Diyos.

Mga Taga Roma 13:9. Ang mga utos, gaya ng, “Huwag kang mangangalunya, Huwag kang papatay, Huwag kang magnanakaw, Huwag kang mag-iimbot,” at ang alin pa mang utos na tulad ng mga ito ay nabubuo sa ganitong pangungusap, “Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili.”

- Mga Taga Roma 13:10. Ang umiibig ay hindi gumagawa ng masama kaninuman, kaya’t ang pag-ibig ang kabuuan ng kautusan.

16. Ano ang layunin ng Kautusan ng Diyos?

- ▶ Ang layunin ng Kautusan ng Diyos ay ang ituro sa atin ang mabuti, sa masama.

Mga Taga Galacia 3:19, 24. Bakit ibinigay ang kautusan, kung gayon? Idinagdag ito upang maipakita kung ano ang paglabag hanggang sa dumating ang pinangakuan, ang inapo ni Abraham . . . Kaya’t ang kautusan ang naging tagapagturo namin hanggang sa dumating si Cristo at sa gayon, kami’y mabilang na matuwid sa pamamagitan ng pananalig sa kanya.

Mga Taga Roma 3:20. Sa pamamagitan ng Kautusan ay nakikilala ng tao ang Kasalanan.

17. Kinakailangan bang ang Cristiano ngayon ay sumunod sa mga Kautusang ito?

- ▶ Oo. Lahat maliban sa ika-apat na Kautusan ay inuulit sa Bagong Tipan. Tayong mga Cristiano ay hindi dapat sumunod sa Sabat ng mga Hebreo. Ang ating sinusunod ay Linggo, ang unang araw sa isang Linggo bilang araw ng pagsamba, sapagka't ito ang araw nang si Jesus ay nagbangon sa gitna ng mga patay.

I Juan 5:3. Sapagka't ang tunay na umi-ibig sa Diyos ay yaong tumutupad ng kanyang mga utos.

18. Makapagliligtas ba sa atin ang pagsunod sa Kautusan ng Diyos?

- ▶ Hindi. Tayo ay maliligtas lamang sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus.

19. Kung gayon, bakit kailangan pang sundin ang Kautusan?

- ▶ Kinakailangang sundin natin ang Kautusan ng Diyos, hindi upang maligtas kundi sapagka't tayo ay ligtas na, at higit sa lahat ay nais nating maging kalugod-lugod sa Diyos.

Mga Taga Efeso 2:10. Tayo'y kanyang nilalang, nilikha sa pamamagitan ni Cristo-Jesus upang iukol natin ang ating buhay sa paggawa ng mabuti, na noon pa mang una'y itinalaga nang Diyos para sa atin.

20. Paano natin masusunod ang Kautusan ng Diyos?

- ▶ Masusunod natin ang Kautusan ng Diyos sa pamamagitan lamang ng biyaya at kapangyarihan ni Cristo-Jesus.

Mga Taga Roma 8:3-4. Ginawa ng Diyos ang hindi nagawa ng Kautusan dahil sa likas na kahinaan ng tao. Sinugo niya ang kanyang sariling Anak sa anyo ng taong makasalanan upang maging handog para sa kasalanan, at sa anyong iyan hinatulan niya ang kasalanan. Ginawa niya ang lahat ng ito upang ang hinihingi ng Kautusan ay maisakatuparan sa atin na namumuhay ayon sa Espiritu at hindi ayon sa laman.

21. Ano ang ating gagawin kung suwayin natin ang isa sa mga utos ng Diyos?

- ▶ Kaagad tayong humingi ng tawad sa Diyos, alang-alang kay Cristo, upang patawarin at linisin tayo mula sa pagkakasala.
- I Juan 2:1,2. Mga Anak, isinusulat ko ito sa inyo upang hindi kayo magkasala. Nguni't kung magkasala ang sinuman, may Ta-

gapamagitan tayo sa Ama. At iya'y si Jesu-Cristo, ang walang sala. Sapagka't si Cristo ang handog sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan natin, at hindi lamang ng mga kasalanan natin kundi ng mga kasalanan din ng lahat ng tao.



Gawin Mo Ito

1. Basahin mo ang Exodo, kapitulo 20.
2. Kung mauulit mo ng wasto ang iyong mga isinaulo, sagutin ang mga tanong sa iyong talaan ng mag-aaral at pag-susulit para sa ika-labing-isang aralin.